(UNANG LABAS)

# Ang IDOLO

SINULAT NI NATOY B. CATINDIG

MAY bituin sa pelikula, na mawiwikang sensasyonal ang pagkasikat, sa tunay na kahulugan ng katagang "sensasyonal," kaipala iya'y wala nang iba kundi si Renato Dela Riva.

Ilang pelikula pa lamang ang kanyang nagagawa bilang isang ganap na bituin, siya'y nakapagtayo na ng sariling bantayog sa puso ng madla, at siya'y kinilala na bilang "Idolo Ng Puting Tabing."

Ang pagkakapagtatag ng mga kapisanan ng kanyang masusugid na tagahanga, ay naging parang kabute. Nagsulput-sulpot sa iba't ibang dako ng kapuluan. Ni hindi niya nalalaman ang pagkakatatag ng mga kapisanang iyon, na binubuo ng mga kaluluwang kung hindi man niya kilala at nihindi niya nakikita, ay naghahangad naman sa kanya ng lalong mababangong tagumpay, at ng lalong matatayog na karangalan. Kaya lamang niya malamang mayroon pang isang kapisanan ng mga tagahanga niya, na itinatag, ay kung makatanggap na siya ng sulat. Karaniwang tumatanggap siya ng sulat ng paanyaya upang siya ang maging panauhing pandangal, bago itatag ang kapisanan. Sa malimit na pagkakataon, siya'y nakapagbibigay at nakadalo. Nguni't sumasapit ang pagkakataong siya'y abalang-abala sa istudyo, at masakit man sa kanyang kalooban, wala siyang magawa kundi ang tanggihan, lakip ang paghingi niya ng paumanhin..

TUWING sasapit ang unang pagtatanghal ng pelikula niyang kayayari pa lamang, parang isang panatang tinupad ni Renato, na siya'y makaparoon sa "lobby" ng sineng pagtatanghalan, upang tanggapin ang kanyang mga tagahanga, kausapin, at lagdaan ang mga "autograph book" ng mga iyon. Kahi't hindi inaatasan ng istudyong kanyang pinaglilingkuran, siya na ang nagkukusa. Sinasabi niya sa kanilang pinuno, na sa palagay niya'y kailangang magpunta siya sa "lobby" upang makaniig naman niya ang kanyang mga tagahanga.

Ang magtungo sa "lobby" sa unang araw ng pagtatanghal ng pelikula, ay hindi gawang biro. Batid niya ang init na kanyang daranasin doon. Makikipagsiksikan siya. Magugusot ang kanyang damit, papawisan siya. Hindi niya malalaman ang kanyang susunod na gagawin, sa dami ng mga tagahanga niyang lalapit sa kanya, at hihiling at makikiusap ng kung anu-anong bagay. At, mangangalay ang kanyang mga daliri sa kalalagda sa mga *autograph book* na inilalapit sa kanya.

Nguni't ang lahat nang iyan ay kailangang tiisin niya, sapagka't batid niyang sa isang dako, utang niya sa kanyang mga tagahanga ang lahat nang tagumpay at karangalang kanyang inaani. Karapat-dapat namang ukulan niya ng panahon at pansin ang mga kaluluwang iyon, na nag-akyat sa kanya sa tugatog ng tagumpay, nang walang hinihintay na sukli sa kanilang pagpapagod, kundi ang sa pana-panahon ay makita lamang siya, makausap, at mapalagdaan ang kanilang mga *autograph book.*

ISANG pelikula pa ang natapos ni Renato Dela Riva. Ang pamagat: "Dakilang Mangingibig." Ginagawa pa lamang ang pelikulang iyon, nakita na sa lahat nang palatandaan na iyon ay isa pang tagumpay na ipuputong sa kan-



*Itaas: nang maging isa sa mga panauhin si Rogelio Dela Rosa, sa gabi ng pagpuputong sa nahalal na "Bb. Bulaklak Ng 1955." Ang maringal na palatuntunan ay ginanap sa Bambang, Bulakan. Kasama ni Rogelio, na naging panauhin sa pagtitipong iyon, sina Senador Francisco "Soc" Rodrigo, Kongresista Erasmo Cruz ng Bulakan, at iba pa. Kanan: isang palatuntunan sa himpapawid, na dinaluhan ng "Idolo sa puting tabing."*



yang noo. Magiging masigla ang pagtanggap ng publiko sa pelikulang iyon. .

Kaya naman, nagugunita na ni Renato ang hirap na kanyang titiisin sa "lobby" sa unang araw ng pagtatanghal ng "Dakilang Mangingibig." Nguni't tuwing magugunita niya ang mga hirap na iyon, siya'y nagkikibit lamang ng balikat. Iyon ay isang katungkulan at pananagutang kailangang gampanan niya... isang pananagutang hinding-hindi niya maiiwasan.

At, sumapit ang unang araw ng pagtatanghal ng "Dakilang Mangingibig." Maaga pa'y gising na si Renato. Ganyan ang laging ginagawa niya tuwing unang araw ng pagtatanghal ng kanyang pelikula.

Nang araw na iyon, naisipan niyang mabuti yata ang maaga siyang magtungo roon, upang maiwasan niya ang pagsisiksikan. Nguni't iniwaksi din niya ang isiping iyon.

Ilang mahahabang sandali ang matuling lumipas. Tumawag siya sa sine, sa pamamagitan ng telepono. Itinanong niya kung maaari na siyang magtungo roon.

—Oo. Madilim pa'y nagsisiksikan na rito ang iyong mga tagahanga. Hinihintay ka. Pumarito ka na, upang hindi naman sila mainip! —sabi ng nakausap niya.

Humanda na si Renato.

Ilang sandali pa'y nakarating na siya sa "lobby." Totoo ang sinabi ng nakausap niya sa telepono. Nang dumating siya sa harap ng malaking sine, nakita niya ang makapal na taong nagkakagulo sa pagkuha ng tiket sa takilya. Nakaabot sa kanyang pandinig ang pagsisigawan, laluna nang mabatid at makitang siya'y dumating na.

Mula sa kanyang kotse, sinugod na siya ng kanyang mga tagahanga. Doon pa lamang ay hindi na niya mabilang ang mga *autograph book* na kanyang nilagdaan

MULA sa kanyang kotse, si Renato ay nakasapit din sa "lobby," sa tulong na rin ng ilan sa kanyang mga tagahanga, na siyang nagpatabi sa mga taong nasa kanyang daraanan. Sa lahat nang sandali ay kumakaway siya sa mga naroroon, ngumingiti siya sa mga nakikita niyang ngumingiti sa kanya, nakikipagkamay siya. Anupa't maitutulad siya sa isang kandidatong ipinagbubunyi ng kanyang mga tagapagtaguyod.

Sa "lobby", lalong pinagkaguluhan si Renato. Sa malas ay hindi masawata ang pagsisigawan ng kanyang mga tagahanga. Mula sa kanyang kinaroroonan, nadarama ng kanyang mukha, ang mainit na singaw na bunga ng nagsisiksikang mga tao.

Mula roon, sinipat niya ng tingin ang takilya. Kung gaano ang pagkakagulo ng kanyang mga tagahanga sa pagpapalagda sa kanya ng kanilang mga *autograph book*, gayon din ang pagsisiksikan sa takilya sa pagkuha ng tiket. At, naisaloob niyang ang kanyang pelikulang *Dakilang Mangingibig* ay isa na namang tagumpay niya at ng kanyang istudyo. Isang tagumpay, na utang niya sa mga nilikhang ngayo'y nagsisiksikan sa kanyang harapan...

MAHIGIT na isang oras na namalagi si Renato sa "lobby." Nang inaakala niyang madalang na ang mga nagpapalagda sa kanya, minarapat niyang pumasok sa sine, upang panoorin ang kanyang pelikula.

Dalawang oras siyang namalagi sa loob ng sine, sa panonood sa kanyang pelikula. Nguni't nang lumabas na siya upang umuwi, nakita niyang tila naragdagan pa kaysa rati ang mga taong ngayo'y naghihintay na naman sa kanya.



Ikinaway lamang ni Renato ang kanyang kanang kamay, saka siya ngumiti sa makapal na taong naroroon at naghihintay sa kanyang paglabas.

Nguni't sadyang hindi na siya maaaring mamalagi sa "lobby." Nagpapahiwatig na ang kanyang sikmura. Nagugutom na siya. Isa pa, pagkapananghali ay kakailanganin niyang makapagpahinga naman. .

Mula sa hagdan, inut-inot siyang nanaog. Hanggang doon ay nagkakagulo ang mga tao. Gusot na gusot ang kanyang damit. Maraming humihipo sa kanya, maraming pumipisil sa kanyang mga kamay. Iyon ay hindi na niya pinapansin. Kung iyon ay may kahulugan man, ang kahulugan niyon ay sadyang siya ang kinikilalang "idolo" ng mga taong na.

Sundan sa pahina - 89

## Kasaysayan Ni Gloria...

(Buhat sa pahina 45)

sa ibang araw, lalagdaan ko uli ang *autograph book* mo. Pasensiya na, ha? —sabi ko, saka humingi ako ng kaunting paumanhin sa kanya.

Nakangiti namang nagpaunlak ang batang babae.

Ilang araw pagkaraan ng tagpong iyon, nagsadya sa aming tahanan ang batang babae. Ang dahilan ay dalawang bagay: una, upang muling palagdaan ang kanyang *autograph book*, at ikalawa, upang isauli ang aking *fountain pen* ,na nawala nang magkita kami sa himpilan ng radyo.

—E, saan mo naman nakita ang *fountain pen?* —ang tanong ko sa kanya.

—Doon hu sa lapag. Kamuntik na nga hung mayapakan ng isang lalaki, e! —sabi ng batang babae.

Alam niyang sa akin ang plumang iyon, sapagka't mayroong pangalan ko.

Para sa akin, ang batang iyon ay napakauliran, sapagka't sa ganang akin, ang pinakadakilang katangiang maaaring taglayin ng isang tao, ay ang katapatan. *Honesty*, wika nga. Ang plumang iyon ay may halaga din mang iyon ay may halaga din naman. Nguni't sa kabila ng kahirapan ng batang babaing iyon, hindi niya hinangad na mapasakanya na ang aking pluma. Kapag gayon namang lahat ang aking mga tagahanga, lalong magkakaroon ako ng karangalang makapagmalaki. Sa panahon ngayon, mahirap makatagpo ng mga taong hindi marunong maghangad sa mga hindi nila ari...

—ITUTULOY—

## ANG IDOLO

(Buhat sa pahina 65)

roroon.

Sa sanda-sandali, ang inaabatan ni Renato ay ang pagkakataong makasiksik siya sa makapal na tao, upang makaisod na patungo sa kanyang kotse, na nasa labas ng sine.

Utay-utay, si Renato ay nakarating sa kalagitnaan ng "lobby" mula sa itaas ng hagdanan. Mula roon ay ilang mahahabang sandaling napatigil siya, sa gitna ng mga taong lalong nagsiksikan sa hangad na mahipo lamang siya, makausap lamang siya, makita lamang ang kanilang "idolo."

Ilang sandali pa ang buong bagal na nakalipas, bago siya tuluyang nakarating sa labas ng sine. Sinundan pa mandin siya roon ng kanyang mga tagahanga. Sadyang ayaw siyang palayuin. Ang totoo, tila nauulinigan niyang may mga sumisigaw na siya'y maupo muna upang makapagpahinga, at upang pagsawaan munang makausap nang sarilinan ng kanyang mga tagahanga. Nguni't naisip naman niyang iyon ay isa nang pagmamalabis sa kanyang katawan, na kangina pa humihingi ng kailangang pagpapahinga.

Mula naman sa labas ng sine, minalas ni Renato ang kanyang kotseng nakaparada, at sa malas ay kangina pa naghihintay sa kanya. Matagal din bago siya nakasapit sa kanyang sasakyan.

At nang mabuksan niya ang pintuan niyon, madali siyang naupo sa upuan, at binunot sa kaibuturan ng kanyang dibdib ang isang malalim na buntung-hininga, saka ngumiti at minalas ang kanyang mga tagahanga na naroroon din. Pinahid pa ng likod ng isang kamay niya ang pawis na namuo sa kanyang noo.

Umayos ng pagkakaupo si Renato. Naisip niyang upang mapadali ang kanyang pag-alis, kailangang walang makamalay sa pagpapaandar niya sa kanyang kotse. Pinaandar na niya ang makina. Nguni't hindi pa lumalakad ang sasakyan. Kumaway siya sa kanyang mga tagahanga. Nagpaalam siya...

Kay-raming kamay na tumaas at kumaway din sa kanya. Sa dako pa roon, nakita niyang isang bugso pa ng kanyang mga tagahanga, na sa malas ay nahuli ang pagdating, ang nakahanda na upang siya'y sugurin.

Tinapakan niyang bigla ang gasolina, at sumibad ang sasakyan. Kanginang-kangina pa niya inaasam-asam na makaalis at makauwi... parang kanginang-kangina pa niya hinahangad na masuong ang sarili sa isang mabigat na sakuna, na siyang hahabi sa mahalagang kabanatang magaganap sa kanyang buhay sa hinaharap. Kung nalalaman lamang niyang gayon ang mangyayari, kung nalalaman lamang niyang siya'y napipinto sa isang mabigat na sakuna, sana'y minais niyang manatili na lamang siya sa habang panahon sa "lobby" ng sine.

Ano kaya ang nangyari sa ating "idolo"?

(ITUTULOY)


Upang lubos kayong masiyahan...




uminom ng

MANILA Rum

*Laging Malinamnam!*

LA TONDEÑA, INC.

427-453 ECHAGUE, MANILA TEL., 3-91-61